
2

# MTB – MLE

## Unang Markahan – Modyul 19: Pangunahing Ideya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q1_MTB2_Module 19

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE– Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 19: Pangunahing Ideya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maridel T. Dela Cruz |
| **Editor:** | Elena V. Almario, Cita C. Merla, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Marcela S. Sanchez, Racy V. Troy, Arnold A. Montemayor |
| **Tagaguhit:** | Karen D. Romero |
| **Tagalapat:** | Cristina T. Fangon |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Merlinda T. Tablan, Ellen C. Macaraeg, Elena V. Almario |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____________________**

**Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB - MLE

## Unang Markahan – Modyul 19: Pangunahing Ideya

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ang pangunahing ideya sa kuwento/ teksto.
MT2RC-Ig-h-3.3

## Subukin

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang pangunahing ideya sa bawat talata.

### Si Mila



1. Si Mila ay batang magalang. Gumagamit siya ng salitang po at opo sa pakikipag-usap sa nakatatanda. Nagmamano siya sa kaniyang mga magulang bago umalis at pagdating ng bahay. Kaya kinagigiliwan siya ng kaniyang Pamilya.

2. Nagsesepilyo ng ngipin si Obet tuwing matapos kumain. Naliligo rin siya at nagbibihis ng malinis na damit. Hindi niya hinahayaang matuyuan ng pawis. Malinis at maingat sa katawan si Obet.

_______________________________________________

3. Isang araw, namili ng tinapay si Iya sa tindahan. Pag-uwi sa bahay ay napansin niyang labis ang kaniyang natanggap na sukli. Tunay na matapat na bata si Iya. Isinauli niya ang labis na sukli sa tindera.

_______________________________________________

4. Masaya ang kaarawan ni Tina. Ipinaghanda siya ng kaniyang ina. Dumating din ang kaniyang mga kaibigan upang siya ay batiin at bigyan ng munting regalo. Ang lahat ay masayang nagsalo-salo sa handa ni Tina.

_______________________________________________

5. Araw-araw ay may natitira sa perang baon ni Job. Hindi kasi siya palabili ng kung ano-ano. Inihuhulog niya ang labis niyang pera sa kaniyang alkansiya. Matipid na bata si Job.

_______________________________________________

# Aralin 1 Pangunahing Ideya

Sa pagbabasa o pakikinig sa anomang kuwento o teksto, mahalaga na malaman o matukoy ang pangunahing ideya o kaisipan na inilalahad o pinag-uusapan upang lubos itong maunawaan.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin at unawain ang maikling kuwento.



### Ang Batang si Leo

Araw-araw pumapasok nang maaga sa paaralan ang batang si Leo. Gusto niyang magbasa ng aralin bago dumating ang kanyang guro. Matalinong bata si Leo, palagi siyang nakikinig sa itinuturo ng kanyang guro kaya nasasagot niya nang tama ang lahat ng tanong nito.

Pagdating naman sa bahay, ginagawa niya agad ang kanyang takdang-aralin at binabasa ang kanilang

napag-aralan sa araw na iyon. Matalino at masipag na bata si Leo.

Sagutin ang mga tanong. Piliin ang at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang tauhan sa kuwento?
   A. Lea   B. Lee   C. Leo

2. Bakit maagang dumating sa paaralan si Leo?
   A. dahil siya ay magdidilig ng halaman
   B. gusto niya mauna sa kaklase niya
   C. para makapagbasa ng kanyang aralin

3. Ano ang masasabi mo kay Leo?
   A. hindi mahilig mag-aral
   B. masikap na bata
   C. tamad mag-aral

4. Gagayahin mo ba si Leo? Bakit?
   A. Hindi, mali po kasi ang ginagawa niya.
   B. Maari ko siya gayahin.
   C. Oo, para matuto ako sa aralin namin.

5.Sino ang pinag-uusapan sa kuwento?
   A. si Leo   B. si Lino   C. si Lira

6. Ano ang mahalagang pangyayari na nabanggit sa kuwento?
   A. Hindi pumasok si Leo.
   B. Masipag mag-aral si Leo.
   C. Tamad mag-aral si Leo.

# Tuklasin

Ang **pangunahing ideya** ay nagsasaad ng pinakamahalagang bahagi ng kuwento. Ito ang pinag-uusapan sa isang teksto. Kadalasan ito ay nakikita sa bandang unahan ng talata o sa hulihan.

Halimbawa:



Ang ating pambansang bayani ay si Dr. Jose Rizal. Siya ay isinilang sa Calamba, Laguna. Ang kanyang mga magulang ay sina G. Francisco Mercado at Gng. Teodora Alonzo. Isa siyang magiting na bayani ng ating bansa.

Ang pangungusap na may salungguhit ay tinatawag na pangunahing ideya sapagkat ito ang pinag-uusapan sa talata. Matatagpuan ito sa unahan ng talata.




Narra ang tawag sa ating pambansang puno. Ito ay isang uri ito ng mataas at matatag na puno. Matatagpuan ito sa maraming lugar sa bansa.

Ang pangungusap na may salungguhit ay tinatawag na pangunahing ideya sapagkat ito ang pinag-uusapan sa talata. Matatagpuan ito sa unahan ng talata.



Ito ay dalawang kahoy na gawa sa yantok o kamagong. Ito ay ginamit noon bilang depensa ng mga Pilipino sa pakikipaglaban upang makamit ng bansa ang kalayaan. Ang arnis ang pambansang laro ng Pilipinas.

Ang pangungusap na may salungguhit ay ang pangunahing ideya. Ito ay matatagpuan sa hulihan ng talata.



Ito ay tumutulong sa pag-aararo sa bukid at pag-aani ng mga gulay sa mga sakahan. Ginagamit din ito bilang transportasyon sa mga lugar na walang maayos na daan. <u>Ang kalabaw ay ang ating pambansang hayop</u>.

Ang pangungusap na may salungguhit ay ang pangunahing ideya. Ito ay matatagpuan sa hulihan ng talata.

## Suriin

**Panuto:** Basahin at unawain ang talata. Sagutan ang mga tanong at isulat sa sagutang papel



1. Si Baste ay may alagang aso. Tagpi ang pangalan nito. Paggising pa lamang sa umaga ni Baste ay inaayos na niya ang pagkain ng kaniyang alaga. Araw-araw din niya itong pinaliliguan at ipinapasyal upang maging malinis at malakas ang katawan. Tunay na mapagmahal sa alagang hayop si Baste.

Ano ang pangunahing ideya ng talata?

__________________________________________

Saang bahagi ng talata nakasulat ang pangunahing ideya?

__________________________________________

2. Malambing na bata si Ara. Palagi siyang nakayakap at nakahalik sa kaniyang ama at ina. Palangiti rin siya sa kaniyang mga kaibigan. Maraming tao ang natutuwa sa kaniya.

Ano ang pangunahing ideya ng talata?

__________________________________________


Saang bahagi ng talata nakasulat ang pangunahing ideya?

__________________________________________



*Mga Tala para sa Guro*

Gabayan ang mag-aaral sa pagsagot ng mga Pinatnubayang Pagsasanay.



# Pagyamanin

## Pinatnubayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Piliin ang pangunahing ideya sa loob ng talata. Isulat sa sagutang papel ang sagot.



1. Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging mapagmahal sa pamilya. Sa tahanan ang mga magkakapatid ay tumutulong sa mga gawaing bahay. May kanya- kanyang nakatalagang gagawin. Hindi na kailangan utusan pa sila ate at kuya.

___________________________________________



2. Matiyagang nagbabantay ang aso sa ating mga bahay kapag tayo ay aalis o natutulog sa gabi. Sila ay alerto sa bawat oras. Tinatahulan nila ang mga taong hindi nila kakilala. Maari din natin silang makalaro kapag tayo ay naiinip o nalulungkot. Sadyang masaya ang mag-alaga ng aso. Ang aso ay isang tapat na kaibigan ng tao.

___________________________________________

## Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin at unawain. Piliin ang pangunahing ideya na nakapaloob sa mga sumusunod na teksto. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang dengue ay maiiwasan kung ibayong pag-iingat ay ating gagawin. Dapat laging pinapalitan ang tubig sa plorera. Linisin ang loob at labas ng bahay. Linisin ang mga kanal upang hindi pamahayan ng mga lamok.

   A. Ang dengue ay maiiwasan kung ibayong pag-iingat ang ating gagawin.
   B. Maglinis ng loob at labas ng bahay.

2. May mga bagay na dapat isagawa at tandaan kapag may sipon o ubo ang isang tao. Isa rito ang pagtatakip ng bibig gamit ang panyo kapag ikaw ay umuubo o sinisipon. Uminom din ng maraming tubig at kumain ng masustansyang pagkain na mayaman sa Bitamina C.

   A. May mga bagay na dapat isagawa at tandaan kapag may sipon o ubo ang isang tao.
   B. Kumain ng masustansiyang pagkain na may bitamina.

## Pinatnubayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Hanapin sa loob ng kahon ang pangunahing ideya na angkop sa talata sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| |
|---|
| A. Ang bagong guro sa Ikalawang baiting. |
| B. Masustansyang pagkain ang mga prutas. |
| C. Masaya ang pagbabalik sa eskwela. |
| D. Masarap mamasyal sa bukid. |
| E. May mabuting dulot ang ulan. |

____1. Masarap mamasyal sa bukid. Sariwang hangin ang iyong malalanghap. Kahit malayo ka tanaw mo ang maberdeng dahon ng mga palay. Kaysarap manirahan dito.

____2. Kapag tag-ulan, ang mga bata ay hindi madalas makalabas ng bahay. Ngunit masaya nilang pinagmamasdan ang ulan. Malamig din ang panahon. Ang mga halaman ay nanariwa. May mabuting naidudulot ang tag-ulan sa atin.

____3. Masaya ang pagbabalik sa paaralan. Magkakaroon ka ng bagong kaklase, ang mga dati mong kaibigan ay makakasama mo na uli. Marami na namang bagong aralin ang matutunan sa loob ng silid-aralan.

____4. Masustansyang pagkain ang mga prutas. Ito ay maaari mong baunin sa pagpasok sa paaralan. Nariyan ang saging, mansanas, kahel at iba pa na sadyang mayaman sa bitamina at mineral.

____5. May bagong guro ang ikalawang baitang. Siya ay si Gng. Mila Santos. Isa siyang mabait na guro. Mahusay siyang magturo at mapagmahal sa mga mag-aaral.

## Pinatnubayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang pangunahing ideya sa bawat pangungusap.

1. Kaarawan ni Teresa ngayon. Maaga pa lamang ay gising na ang nanay at tatay niya. Sila ay maghahanda na ng iluluto para sa kaarawan niya. Si AteTina naman ay bibili ng lobo at cake. Si Kuya Tobi ay inaayos ang mga upuan at mga mesa.

_______________________________________________

2. Ang aklat ay nagbibigay sa atin ng maraming kaalaman. Iba't iba ang maaari nating matutunan at mapupuntahan sa pamamagitan lamang ng pagbabasa ng aklat. Kailangan lamang ito'y nauunawaan.

_______________________________________________

## Malayang Pagsasanay 1

**Panuto:** Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha ☺ kung ang pangungusap na may salungguhit ay tumutukoy sa pangunahing ideya, at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

____ 1. <u>Masayang mag-alaga ng aso</u>. Sinasabing pinakamatalik na kaibigan ng tao ang aso. Maasahan mo itong magbantay ng inyong bahay. Maari ka rin makipaglaro sa kanya. Kilala ng aso ang kanyang amo.

____ 2. <u>Masustansiya ang gulay.</u> Mayaman ito sa bitamina at mineral na nagbibigay lakas at resistensya sa ating katawan. Maiiwasan mo ang pagkakaroon ng sakit kapag kumain ka nito. Magiging malusog ang iyong katawan.

____ 3. <u>Ang paghuhugas ng kamay ay isang paraan upang makaiwas ang tao sa sakit.</u> Bago at pagkatapos kumain dapat maghugas ng kamay. Punasan ng malinis na bimpo ito pagkatapos.

____ 4. <u>Ugaliin ang pag-inom ng walong basong tubig o higit pa sa loob ng isang araw.</u> Maligo araw-araw at magpalit ng damit. Magsipilyo ng ngipin. Ugaliing maging malinis ang katawan sa tuwina.

____ 5. <u>Iwasan ang paglalaro sa ilalim ng init ng araw.</u> Kapag lalabas ng bahay ugaliin magdala ng payong. Magsuot ng damit na angkop sa panahon. Maraming sakit ang makukuha kapag lagi kang nagbibilad sa araw.

## Malayang Pagtatasa 1

**Panuto:** Basahin at unawain ang talata. Piliin at isulat sa sa sagutang papel ang pangunahing ideya ng talata.

### Ang Tag – Ulan




Maraming nakukuhang sakit kapag panahon ng tag–ulan. Nariyan ang pagkakaroon ng sipon kapag ikaw ay naambunan. Hindi rin maiiwasan ang pagkakaroon ng lagnat kapag ikaw ay naligo sa ulan. Madalas ang mga bata ay inuubo kapag naulanan. Mahilig kasi silang magpaulan.

a. Hindi rin maiiwasan na ang pagkakaroon ng lagnat kapag ikaw ay naligo sa ulan.
b. Maraming nakukuhang sakit kapag panahon ng tag–ulan.
c. Nariyan ang pagkakaroon ng sipon kapag ikaw ay naambunan.

## Malayang Pagsasanay 2

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng talata. Pagkatapos ay gawin ang hinihingi ng bawat bilang. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.



May malaking lupain si Lolo Pedro. Marami siyang alagang mga hayop. May mga kambing, baboy at manok. Marami ring iba't-ibang halaman ang nakatanim. May gulay tulad ng pechay at kamatis. Mayroon ding mga prutas gaya ng pakwan, mangga at bayabas.

Gustong–gusto ni Pepito na bumibisita sa bukid ng kanyang lolo kasama ang kanyang mga magulang.

1. Ano ang pangunahing ideya ng kuwento?

| A. May malaking lupain si lolo Pedro. |
| --- |

| B. Maraming taniman ng gulay. |
| --- |

| C. May alagang hayop si Lolo Pedro. |
| --- |

2. Ano ang maliliit na detalye ng kuwento?

A. Maraming taniman ng prutas at gulay.

B. May alaga si Lolo Pedro.

C. May bukirin si Lolo Pedro.

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Sumulat ng maikling talata tungkol sa iyong bakasyon na binubuo ng limang pangungusap. Lagyan ito ng pangunahing ideya at maliliit na detalye.

### Ang Masaya Kong Bakasyon

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## *Isaisip*

Ang pangunahing _______ ang tumutukoy kung ano ang pinakabuod ng talata. Ito ay sinusuportahan ng pangungusap na nagbibigay ng detalye na tinatawag na paksang _________. Kadalasan ito ay makikita sa _____, gitna o ______ ng isang talata.

## *Isagawa*

**Panuto**: Hanapin ang pangunahing ideya sa loob ng talata. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot.

_____1. Ang bakuran ni Mang Goryo ay natataniman ng iba't ibang halaman. Maraming kapitbahay niya ang natutuwa kapag nakikita ang mga halamang nakatanim dito. Kapag ito ay puwede na niyang anihin, dinadala niya ito sa palengke upang ipagbili. Ang matitirang gulay ay kanyang ipinamimigay sa kanyang mga kapitbahay.

A. Ang bakuran ni Mang Goryo ay natataniman ng iba't ibang halaman.

B. Maraming kapitbahay niya ang natutuwa kapag nakikita ang mga halamang nakatanim dito.

_____2. Tayong mga Pilipino ay mahilig sa musika. Kahit saan ka pumunta ay makaririnig ka ng tugtuging kadalasang sinasabayan ng ating kapuwa Pilipino.

A. Tayo ay mahilig kumanta.

B. Tayong mga Pilipino ay mahilig sa musika.

## Tayahin

**Panuto**: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot na tumutukoy sa pangunahing ideya.

1. Ang sampaguita ay magandang bulaklak. Ito ay kulay puti at mabango. Tuwing Linggo ay bumibili si Lita ng sampaguita. Paborito niya ang bulaklak na ito.

   A. Ang sampaguita ay magandang bulaklak.
   B. Ito ay paborito niyang bulaklak.
   C. Tuwing Linggo ay bumibili si Lita ng sampaguita.

2. Ang ngipin ay dapat pangalagaan. Ugaliing magsepilyo ng ngipin pagkatapos kumain. Iwasan ang pagkain ng matatamis gaya ng tsokolate at kendi upang hindi masira ang ngipin.


   A. Ang ngipin ay dapat pangalagaan.
   B. Iwasan ang pagkain ng matatamis gaya ng tsokolate at kendi.
   C. Ugaliing magsipilyo ng ngipin pagkatapos kumain.

3. Nakikinig sa pangaral ng magulang si Karol. Siya ay palaging tumutulong sa paglilinis sa kanilang silid-aralan. Kapag nakasalubong niya ang kanyang guro na maraming dala, kanya itong tinutulungan. Si Karol ay isang mabait na bata.

A. Kapag nakasalubong niya na maraming dala ang guro kanya itong tinutulungan.
B. Siya ay palaging tumutulong sa paglilinis sa kanilang silid–aralan.
C. Si Karol ay isang mabait na bata.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Sumulat ng talata tungkol sa iyong **paaralan**. Salungguhitan ang pangunahing ideya.



# Susi sa Pagwawasto

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. Si Mila ay batang magalang.<br>2. Malinis at maingat sa katawan si Obet.<br>3. Tunay na matapat na bata si Iya.<br>4. Masaya ang kaarawan ni Tina.<br>5. Matapat na bata si Job | **Balikan**<br>1. C<br>2. C<br>3. B<br>4. C<br>5. A<br>6. B | **Suriin**<br>1. –Tunay ma mapagmahal sa alagang hayop si Baste.<br>-hulihan<br><br>2. –Malambing na bata si Ara.<br>-Unahan | |
| Pagyamanin | | | |
| **Pinatnubayang Pagsasanay 1**<br>1. Likas sa ating mga Pilipino ang pagiging matulungin.<br>2. Ang aso ay tapat na kaibigan ng tao. | **Pinatnubayang Pagtatasa 1**<br>1. A<br>2. A | **Pinatnubayang Pagsasanay 2**<br>1. D<br>2. E<br>3. C<br>4. B<br>5. A | **Pinatnubayang Pagtatasa 2**<br>1. Kaarawan ni Teresa ngayon.<br>2. Ang aklat ay nagbibigay sa atin ng maraming kaalaman. |
| **Malayang Pagsasanay 1**<br>1. ☺<br>2. ☺<br>3. ☺<br>4. ☹<br>5. ☹ | **Malayang Pagtatasa 1**<br>Pangunahing ideya :<br><br>Maraming nakukuhang sakit kapag panahon ng tag-ulan. | **Malayang Pagsasanay 2**<br>1. A<br>2. A | **Malayang Pagtatasa 2**<br>Talata tungkol sa "Ang Masaya Kong Bakasyon"<br><br>➢ *Puwede pong magkaiba – iba sagot ng mga bata dito.* |
| **Isagawa**<br>1. A<br>2. B | **Tayahin**<br>1. A<br>2. A<br>3. C | **Karagdagang Gawain**<br>Puwedeng magkaiba – iba ng sagot dito. | |

# *Sanggunian*

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Pilipinas: MGO Enterprises.

Urbien-Salvatus, G., Arit-Soner, B., Casao-Santos, N. and Pesigan-Tiñana, R., 2013. *Mother Tongue-Based Multilingual Education Patnubay ng Guro sa Tagalog*.

**Para samgakatanungan o puna, sumulat o tumawagsa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph